

Ota City Navigation



2021.10

Gaganapin ang “Ota Wa no Festival”

Maaaring makaranas ng iba’t ibang tradisyunal na kultura ng Japan sa “Ota Wa no Festival”. Nais mo bang maranasan ang tradisyunal na kultura ng Japan na naiipasa hanggang ngayon at ang diwa ng Japan?

Workshop sa karanasan

- 1 Flower arrangement, tea ceremony, calligraphy
- 2 Mga instrumentong pangmusika ng Hapon (koto, shamisen, maliit na tambol)
- 3 Sayaw ng Hapon



*Lahat ay nangangailangan ng paunang aplikasyon.

*Ang bilang ng pakikilahok at bayad sa pakikilahok ay nag-iiba depende sa genre na mararanasan. Para sa mga detalye, mangyaring kumpirmahin ang website ng Ota City Cultural Promotion Association. Bilang karagdagan, walang pagsasalin mula sa wikang Hapon sa banyagang wika sa panahon ng karanasan. Lahat ay gagawin sa wikang Hapon.

Kailan

Panahon ng aplikasyon: Mula Oktubre 29 (Biyernes) - Nobyembre 23 (Martes), 2021
Panahon ng pagganap: Mula Enero 8 (Sabado) - Marso 19 (Sabado), 2022

Saan

Ota City Residents Plaza
3-1-3 Shimomaruko, Ota-ku
〒146-0092

Makipag-ugnay sa

Public Interest Incorporated Foundation Ota City Cultural Promotion Association
☎ 03-3750-1611 FAX 03-3750-1150
Email arts-ws@ota-bunka.or.jp



“Ota International exchange sa Sports”



Nais mo bang masayang makipag-ugnay sa sports sa paglalaro ng futsal kasama ang mga Hapon? Hindi mahalaga ang nasyonalidad at kasarian. Ang mga beginner ay maaari ring lumahok nang walang pag-aalala!

Mag-apply dito



Kailan

Disyembre 19 (Linggo), 2021
1:00 pm - 5:00 pm

Saan

Showajima 2-Chome Park Futsal Field,
Youth Soccer Field
〒143-0004 2-3-1 Showajima, Ota-ku

Makipag-ugnay sa

Global City Ota Cooperation Association (GOCA)
☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982
E-mail mail@ota-goca.or.jp

Ipinakilala ang 13 kataong naging “Global City Ota Ambassador” sa unang pagkakataon sa taong 2021

Tinanong namin ang kanilang dahilan sa pagpunta sa Japan at ang kanilang kasigasigan sa mga aktibidad ng isang ambassador.



- 1 Pangalan
- 2 Nasyonalidad
- 3 Mangyaring sabihin ano ang iyong dahilan sa pagpunta sa Japan.
- 4 Mangyaring sabihin sa amin ano ang iyong mga nais gawin bilang aktibidad ng isang ambassador at ang iyong kasigasigan.

Mga katanungan

- 1 Hongo Alexandra
- 2 Bulgaria
- 3 Nagpunta ako sa Japan kasama ang aking pamilya noong ako'y 15 taong gulang.
- 4 Magpapadala kami ng iba't ibang mga “mukha” ng Ota City, tulad ng diversity, impormasyon sa pagpapalaki ng bata, mga secret spot, at mga kawili-wiling tindahan sa internasyonal at loob ng bansa.




- 1 Wang Cheng
- 2 Tsina
- 3 Orihinal na nakakuha ako ng trabaho sa isang kumpanya para sa Japan sa Tsina at madalas akong nagbibiyaha sa Japan para sa business trip. Inilipat ako sa punong tanggapan ng Japan noong 2013.
- 4 Nais kong lumahok sa iba't ibang exchange meetings na gaganapin sa Ota City. Interesado rin ako sa Haneda Innovation City, kaya nais kong lumahok sa promosyon at kaganapan nito.



- 1 Chiarino Araujo Paula
- 2 Uruguay
- 3 Nagpunta ako sa Japan para magtrabaho.
- 4 Nais kong lumahok sa mga kaganapan, bumisita sa mga bagong lugar sa Ota City, at ibahagi ang aking mga karanasan sa aking mga kaibigan sa online.



- 1 Chahlaoui Oualid
- 2 Tunisia
- 3 Dahil ang Japan ay isang ligtas na bansa at gustong-gusto ko ang kultura ng Japan at ang wikang Hapon.
- 4 Pamamahagi ng mga flyers na nagpopromote ng kahalagahan ng pagbabakuna ng COVID-19 sa mga mag-aaral sa high school, pagtuturo ng Arabic, French, at Italian, at paggamit ng social media sa pagpapalaganap ng halina ng Ota City sa internasyonal at loob ng bansa.



- 1 Galindo Fujimoto Arturo Mitsuo
- 2 Mexico
- 3 Dahil ligtas at maganda ang kapaligiran, at ang aking lolo ay isang Hapon na taga Wakayama Prefecture at may Japanese roots.
- 4 Nais kong ibahagi ang mga magagandang lugar sa Ota City (mga hot spring, park, Tama River, museo, atbp.) sa pamamagitan ng social media. Nais ko ring ipakilala ang mga ito sa aking mga kamag-anak at kaibigan.



- 1 Sivilay Souksavay
- 2 Laos
- 3 Pumunta ako rito para mag-aral. Pangarap kong makarating sa Japan.
- 4 Ako ay lubos na interesado sa kultura, international exchange, turismo, at edukasyon.




- 1 Lara Hernandez Jorge Mario
- 2 Guatemala
- 3 Dahil ang teknolohiya ay mas advanced kaysa sa Guatemala at gusto ko din ang kultura ng Japan at mga lutong Hapon.



- 4 Nais kong ipakilala ang aking kultura tulad ng mga larong gumagamit ng aking katutubong wika at mga pambansang pagdiriwang, at magturo ng wikang Espanyol sa aking katutubong wika.

- 1 Bonfante Pereira Igor
- 2 Brazil




- 3 Dahil dati ko pang gusto ang kultura ng Japan at nais kong mahasa ang aking kasanayan.
- 4 Nais kong iparating ang halina ng Ota City at Japan sa aking sariling bansa at sa buong mundo gamit ang internet.

- 1 Raho Numa
- 2 Papua New Guinea
- 3 Kilala ang Japan sa mga advanced na teknolohiya at nagpunta ako sa Japan dahil nais kong matutunan ang mga bagay na labas sa aking bansa.



- 4 Nais kong lumahok sa mga sports exhibition at cultural events upang matutunan ang mga pagkakatulad at pagkakaiba ng aking bansa at Japan.

- 1 Bayarkhuu Javkhlan
- 2 Mongolia



- 3 Nais kong matuto ng kaayusan at kasipagan mula sa mayaman at mabait na kultura ng Japan, at matuto ng engineering mula sa isa sa mga bansang nagpasimula nito sa mundo.
- 4 Nais kong magsagawa ng mga kaganapan at aktibidad kung saan maaari kaming makipag-ugnay sa mga residente ng Ota City, matuto, at makatuklas ng mga bagong bagay.

- 1 Chhuon Sokserymongkoul
- 2 Cambodia
- 3 Pumunta ako rito para mag-aral. Pagkatapos ng pagtatapos sa paaralang bokasyonal, nais kong magpatuloy sa pag-aaral hanggang sa bachelor's of engineering.



- 4 Nais kong pagbutihin ang aking mga boluntaryong aktibidad at kasanayan sa komunikasyon. Nais ko ring ipakilala ang kultura ng Cambodia kung maaari at malaman ang kultura ng ibang bansa.

- 1 Emmi Maliza Hutagaol
- 2 Indonesia
- 3 Dahil sikat ang Japan sa likas na kagandahan, kultura, at mataas na etika sa trabaho. Dahil dito, nais kong matuto ng iba't ibang bagay.



- 4 Lalo kong nais malaman ang kultura at sining ng Japan, at gawin ang aking makakaya upang matulungan ang mga tao sa Ota City.

- 1 Selly Andriani
- 2 Indonesia
- 3 Nais kong matuto ng tungkol sa serbisyong medikal, makakuha ng karanasan, at nais ko makapasa sa pambansang eksaminasyon para sa mga (certified) care workers.



- 4 Nais kong matuto ng kultura ng Japan at kultura ng ibang bansa. Bilang karagdagan, nais kong ipakilala ang kultura ng Indonesia mula sa aking bayan, Padang.



Makipag-ugnay sa

Internationalization and
Multiculturalism
Promotion Division
☎ 03-5744-1227
FAX 03-5744-1323



Ipinakikilala ang Youth Exchange Center “Yuits”

Ang Youth Exchange Center “Yuits” ay isang pasilidad na maaaring magamit para sa malawak na hanay na mga pang-grupong aktibidad tulad ng sports, musika, iba’t ibang exchange at pagsasanay. Bilang karagdagan, maliban sa grupong paggamit, maaari ding magpalipas ng gabi ang indibidwal sa mga Western-style na kwarto. Bukas din ang rest area sa pasilidad para sa kainan ng tanghalian mula 11:00 am - 3:00 pm (huling order ay 2:30 pm).

Para sa mga nais pang malaman ang tungkol sa pasilidad, mangyaring tingnan ang website ng Youth Exchange Center “Yuits”.



Kailan

Araw-araw mula 9:00 am - 8:00 pm Sarado tuwing Disyembre 29 hanggang Enero 3 ng susunod na taon.

Magkano

Nag-iiba ang bayad sa paggamit depende sa kung anong klaseng miyembro.

Ilang tao

Grupo ng 5 katao higit pa. Ang mga Western-style na kwarto ay maaaring tulugan ng isang tao o higit pa

Paano mag-apply

Dalhin ang application form (Mayroon sa pasilidad. Mayroon din sa website) sa pasilidad. O ipadala ito sa koreo sa pasilidad.

Mag-apply sa
(Makipag-ugnay sa)

Youth Exchange Center “Yuits”

〒143-0006 4-2-15 Heiwajima, Ota-ku

☎ 03-6424-5101 FAX 03-6424-5120

E-mail info@yuits.jp



Tungkol sa pagbabayad ng resident tax (ikatlong yugto)

Ang ikatlong deadline ng pagbabayad ng special ward tax/ metropolitan inhabitant tax (resident tax) ay sa Nobyembre 1.

Mangyaring magbayad hanggang sa itinakdang panahon.

Ang ikaapat na deadline ng pagbabayad ay sa Enero 31, 2022.

Mangyaring huwag kalimutang magbayad.

Para sa konsultasyon tungkol sa pagbabayad, mangyaring tingnan ang website ng Ota-ku.

Makipag-
ugnay sa

Tax Payment Division

☎ 03-5744-1205

FAX 03-5744-1517

